
METRO
MANILA
OSCAR RAMIREZ
JOHN ARCILLA
ALTHEA VEGA

# NILALAMAN


**2**
**Metro Manila**
*Official Release US Trailer*

**3**
**Diwa ng Akda**
Nasumpungang Mukha ng Kasamaan

**4**
**HIMALAYSAY:**
**Suri-Saliksik**

**4.1**
**Imahen ng Kababaihan sa Kontemporaryo't Makabagong Porma ng Panitikang Filipino**

**4.2**
**Implikasyon at Impluwensya ng Panooring Kontemporaryo sa Kaisipan, Kultura, at Damdamin ng ating mga Kababaihan**


**4.3**
**Pagsusuri ng nilalaman**

**5**
***Punto de Vista***
**Pakikipanayam**

**6**
**Rekomendasyon**
**Pag-uugnay sa kasalukuyan at isyung panlipuan, kolektibong obserbasyon, at panawagang panlahat**














DIWA NG AKDA

# NASUMPUNGANG MUKHA NG KASAMAAN

Jo-Ann M. Morales

Nagsimula ang pelikula sa pagpapakilala sa magsasakang si Oscar at ng kanyang asawang si Mai na taga-Banaue. Mahirap ang kanilang buhay sa palayan at dahil sa kakapusan ng pera ay nagpasyang makipagsapalaran sa Maynila upang maghanap ng trabaho, kasama ang kanilang dalawang maliliit na anak. Nang makarating sa lungsod ay agad na nalinlang sila ng isang nagparenta na pag-aari pala ng gobyerno. Napilitan silang manirahan sa kalye at naranasan ang taliwas na inaasahan sa inaakalang bagong buhay.

Nang maglaon nailipat ni Oscar ang kanyang pamilya sa isang *slum* sa labas ng bayan. Nakakuha ng trabaho si Oscar bilang *driver* ng *armored car* na sa kasamaang-palad ay sangkot pala sa ilegal na gawain. Sa halip na maiahon sila sa kahirapan ay lalo pang nasadlak sila sa kadiliman. Si Mai ay papasukin ang hanapbuhay na pagsasayaw at pagpapakita ng katawan para makaraos sa araw-araw.

# HIMALAYSAY

## SURI-SALIKSIK


1. Sikolohikal na realismo ang pelikula sa mga eksenang naglalarawan sa motibo ng tao sa pagkilos.


2. Talamak sa malaking bahagi ng bansa ang prostitusyon. Napilitan ang ilan sa mga kababaihan na pasukin ito dahil biktiman na pala ng *human trafficking*.


3. Babae na nagpapasakop sa sariling asawa *vs.* Lalaki na nagmamahal ng kanyang asawa.

4. *"Ilantad mo ang iyong sarili sa iyong pinakamalalim na takot; pagtapos niyon, ang takot ay wala nang magiging lakas, at ang pagkatakot sa pagiging malaya ay liliit at maglalaho. Malaya ka na!*

5. Humigit kumulang 13 milyong *single parent* sa buong Pilipinas na apektado ng COVID-19. Nabawasan ang kakayahan nilang ibigay ang pinakapangunahing mga pangangailangan ng kanilang mga anak.













**JOEL COSTA MALABANAN**
Manunulat, Kompositor/Mang-aawit
P.hilipippine Normal University /
University of the Philippines

**LAKANDUPIL C. GARCIA**
Tagapagsalin, *Public Speaker*
De La Salle University

**LUALHATI BAUTISTA**
Bantog na Manunulat
Carlos Palanca *Awardee*

# PUNTO DE *Vista*




May mga babaeng napilitang maging biktima dahil sa kahirapan. Mayroon din namang kusang sumang-ayon dahil sa alok na luho. Iyong ibang eksploytasyon ay luwal ng kulturang patriyarkal na dapat iwasto gamit ang edukasyon.



KUNG WALANG PAGPIPILIAN, NAKAKAAWA! At dpat panagutin ang mga nagsasamantala.

PERO, KUNG DAHIL NA RIN SA KALANDIAN AT PAGIGING MATERYALISTIKO, ang mga babaeng iyan ay mga WALANG DANGAL.

## *Rekomendasyon*



*"Basahin nyo na lang yung libro kong Hinugot sa Tadyang dahil tinalakay ko dito ang kalagayan ng babae sa iba't ibang panahon at iba't ibang kultura, mula kuwentong Cinderella hanggang ngayon."*











### RESPETO

Irespeto ang babae na tulad nang ibinibigay mong respeto sa iyong magulang/ina.

### PATAS NA PAGTRATO

Bigyan nang pagkakataong mapatunayan ng babae ang kanyang sarili sa larangang nais niyang suungin.

### PAHALAGAHAN

Pakinggan ang mungkahi. Isaalang-alang ang kanyang mga paninindigan.

- LUMABAN, HUWAG ILUHA ANG KAAPIHAN!
- ISIP AY BUKSAN, LIPUNAN AY PAG-ARALAN.
- MITHIIN MO ANG PAGLAYA.
- HARAPIN, IBANGON ANG IYONG PAGKATAO.